Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Unang Markahan - Modyul 1
# Linggo 1: 1.2 Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Visayas



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Arts – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan- Modyul1:1.2 Mga Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Visayas
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishiers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Author:** | Levie P. Baugbog |
| **Editor:** | Marina A. Impig |
| **Reviewers:** | Freddie L. Palapar – PSDS<br>Ronnie A. Nietes |
| **Illustrator:** | Love Joy D.Adrigado |
| **Layout Artist:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>Schools Division Superintendent |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Jourven B. Okit, EPS – MAPEH<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

4

# Arts

## Unang Markahan- Modyul 1

## Linggo 1: 1.2 Mga Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Visayas

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang propesyonal na nasa larangan ng Edukasyon na magpadala ng kanilang puna o komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng email: region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Panimula*

Mga mag-aaral, ang modyul na ito ay ginawa para sa inyo. Ito ay makatutulong na mapadali ang inyong pag-unawa sa mga araling napapaloob nito.

Ang gagawin niyo lamang ay basahin at intindihin nang mabuti ang mga panuto sa bawat gawain upang makamit ang mithiin ng modyul na ito.

Sa modyul na ito, makikilala mo ang kahalagahan ng mga kultural na pamayanan sa Visayas. Mailalarawan mo rin ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Visayas ayon sa uri ng kanilang pananamit, palamuti sa katawan, at kaugalian ng mga katutubong Ati.

Pagkatapos mong alamin ang mga kultural na pamayanan ng Visayas ay inaaasahang makalilikha ka na ng isang likhang-sining na ginagamitan ng mga disenyong etniko na makikita sa Visayas.



**Mga Paalala Sa Mga Guro**

Hinihikayat ang mga guro na subaybayan ang lahat na mga gawain ng mga mag-aaral upang lubusang mapakinabangan nila ang kaalaman na napapaloob sa modyul na ito.

## *Alamin*

Mga layunin sa pagkatuto

Nakikilala ang kahalagahan ng mga kultural na pamayanan sa Visayas.



Nailalarawan ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Visayas ayon sa uri ng kanilang pananamit, palamuti sa katawan, at kaugalian.


Nakalilikha ng isang likhang sining na ginagamitan ng mga disenyo sa Visayas.

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat Gawain.
- Sagutin ang lahat ng mga tanong.

## Mga Icons sa Modyul

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay  pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusuod na mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang produktong kadalasan na itinatanim ng grupong Ati?

   A. Mansanas C. Tobacco
   B. Pinya D. Saging

2. Ang mga pangkat etnikong Ati ay karamihang naninirahan sa anong lugar sa Visayas?

   A. Cebu C. Bohol
   B. Iloilo D. Leyte

3. Alin sa sumusunod ang hindi pangkat etniko ng Pilipinas?

   A. Instik C. Ati
   B. Tiboli D. Yakan

4. Alin sa sumusunod ang hindi pinagkukunan ng kabuhayan ng grupong Ati?

   A. Handicrafts C. Herbal medicine
   B. Pangingisda D. Bit coin trading

5. Kung kayo ay naninirahan sa mga kultural na pamayanan, paano mo pahahalagahan ang mga katutubong sining o disenyo na mayroon dito?

   A. Magsuot ng damit galing sa ibang bansa.
   B. Itago sa aparador ang mga damit na may katutubong disenyo.
   C. Ipagmalaki at tangkilikin ang kasuotan na may katutubong disenyo.
   D. Isuot ang damit na may katutubong disenyo kung magsisimba lamang.

# Aralin 1 Mga Disenyo sa Kultural na pamayanan ng Visayas



***Balikan***

Ano-ano ang mga pinakakilalang produkto ng pangkat etniko sa Visayas?

Ano ang mga produktong itinatanim ng pangkat etniko sa Visayas?

***Tuklasin***

**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  https://images.gmanews.tv/v3/webpics/v3/2014/11/2014_11_05_10_30_49.jpg | A. Produktong galing Guimaras |
| 2.  https://en.wikipedia.org/wiki/File:Boholano_delicacy_Kalamay.png | B. Produktong galing Cebu |
| 3.  | C. Produktong galing Bohol |
| 4. Dito matatagpuan ang pinaka malaking bilang ng grupong Ati | D. Bohol |
| 5. Dito makikita ang bantog na Chocolate hills. | E. Iloilo |
| 6. Dito pinatay si Magellan. | F. Cebu |




## *Suriin*

Ang mga pangkat etnikong Ati ay madalas matatagpuan sa Western at Central Visayas ngunit ang pinaka malaking populasyon nila ay naninirahan sa Iloilo at ang iilan ay sa Aklan, Capiz, Antique, Guimaras at Negros.

Ang pangkat etnikong Ati ay nakilala sa pamamagitan ng kanilang masaganang pamumuhay at pagtatanim ng Tobacco kung saan ito ay kanilang ipinagbabarter o ipinagpapalit sa produkto ng kalapit na lungsod.

Ang iba pa nilang pangkabuhayan ay pangangaso, pangingisda, handicrafts, at bow-and-arrow making.



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Gumawa ka ng iba pang mga produkto mula sa kilalang produkto ng taga Visayas. Isulat din ang mga simpleng sangkap at hakbang sa kahon. Sundan ang halimbawa sa ibaba.

Halimbawa:

**“Partner Tayo”**

Mula sa Mangga



**Mango Float**
**Hakbang sa paggawa**

1. Ihanda ang mga sankap gaya ng manga, Nestle Cream at Condense milk.
2. Hiwain ng manipis ang manga.
3. Haluin ng sabay sa iisang lalagyan ang nestle cream at condense milk.
   Ihanay ng maayos ang Graham biscuits sa iisang lalagyan.
4. Alternate ang paglagay ng cream, manga, at buscuits.
5. Lagyan ng powdered graham sa huling layer.
6. Palamigin



https://en.wikipedia.org/wiki/File:Boholano_delicacy_Kalamay.png

**Kalamay**

## *Isaisip*

Basahin:

Ang mga produktong kultural ng pamayanan sa Visayas ay isa sa mga natatanging produkto sa ating bansa. Isa ito sa pinagkukunan ng pangkabuhayan ng ating mga pangkat etniko kung saan ay patuloy parin na pinapakinabangan ng iba't ibang negosyante.

Ang ating bansa ay punong-puno ng magagandang likha. Ang mga ito ay nagtataglay ng mga elemento ng sining tulad ng linya, hugis, kulay, at may prinsipyong paulit-ulit.

Ang likas na kagandahang ito ng kapaligiran ay nagsisilbing inspirasyon ng mga kultural na pamayanan na naninirahan sa Visayas.

## *Isagawa*

**Kagamitan:**

Mga bagay na karton gaya ng baso o mga
Platong karton (paper plate) lapis, at krayola

***Panuto:***

1. Kumuha ng isang karton o iba pang bagay na mayroon sa inyong lugar na maaaring gamitin para guhitan ng mga disenyo.
2. Mag-isip ng produktong mula sa mga kultural na pamayanan ng Visayas.
3. Iguhit ang napiling disenyo sa karton o platong karton gamit ang lapis. Maaari ring gumawa ng sariling disenyo gamit ang mga hugis, kulay, linya, at ang prinsipyong paulit-ulit.
4. Kulayan at punuin ang mga espasyo ng mga disenyo ang inyong iginuhit, at sundan ito ng krayola para lalong maging kaakit-akit ang iyong likhang-sining.



## *Tayahin*

**Panuto A:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Iloilo ay tinatawag na ____?
   A. Manobo C. Gaddang
   B. T'boli D. Ati

2. Ano ang pinakapinagkukunan ng kabuhayan ng pangkat etniko ng Visayas?

   A. Pagtatanim ng Mansanas C. Pagtatanim ng Pinya
   B. Pagtatanim ng Saging D. Pagtatanim ng Tobacco

3. Kung kayo ay naninirahan sa mga kultural na pamayanan, paano mo pahahalagahan ang mga katutubong sining o disenyo na mayroon dito?

   A. Magsuot ng damit galing sa ibang bansa.
   B. Itago sa aparador ang mga damit na may katutubong disenyo.
   C. Ipagmalaki at tangkilikin ang kasuotan na may katutubong disenyo.
   D. Isuot ang damit na may katutubong disenyo kung magsisimba lamang.

4. Alin sa sumusunod ang hindi pinagkukunan ng kabuhayan ng grupong Ati?


   A. Handicrafts C. Herbal medicine
   B. Pangingisda D. Bitcoin trading

5. Ang mga pangkat etnikong Ati ay karamihang naninirahan sa anong lugar sa Visayas?


   A. Cebu C. Bohol
   B. Iloilo D. Leyte

**Panuto B:** Isulat sa loob ng hugis ng araw ang salitang TAMA kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at isulat naman ang MALI kung hindi ka sang-ayon**.**


1. Pagtatanim ng Tobacco ang pangunahing pangkabuhayan ng grupong Ati.




2. Ang mga taga Guimaras ay nakilala sa kanilang produktong guitar**.**




3. Ang mga taga Bohol ay nakilala sa kanilang produktong kalamay.



4. Ang mga taga Cebu ay nakilala sa kanilang produktong mangga**.**



5. Napakahalaga sa mga taga Visayas ang pagtatanim dahil isa ito sa kanilang pinagkukunan ng pangkabuhayan.



## *Karagdagang Gawain*

Maghanap ng mga larawan ng mga produkto ng bawat pangkat etniko sa Visayas na natalakay. Gupitin ang mga ito at idikit sa loob ng kahon sa ibaba.

**Cebu**

**Guimaras**

**Bohol**

## *Susi sa Pagkatuto*

| Tuklasin |
|---|
| 1. B |
| 2. C |
| 3. A |
| 4. E |
| 5. D |
| 6. F |

| Subukin |
|---|
| 1. C |
| 2.B |
| 3.A |
| 4.D |
| 5.A |

| Tayahin A |
|---|
| 1.D |
| 2.D |
| 3.A |
| 4.A |
| 5.D |

| Tayahin B |
|---|
| 1.Tama |
| 2.Mali |
| 3.Mali |
| 4.Mali |
| 5.Tama |

***Sanggunian:***

Cynthia Montañez et al., (2015) Musika at Sining 4 LM Department of Education.

https://en.wikipedia.org/wiki/File:Boholano_delicacy_Kalamay.png

https://images.gmanews.tv/v3/webpics/v3/2014/11/2014_11_05_10_30_49.jpg

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615